# ANGEL OF THE HOLY SPIRIT ACADEMY
## FILIPINO 4
## Panghalip na Pamatlig

Piliin sa loob ng panaklong ang panghalip na pamatlig na angkop sa diwa ng pangungusap. Isulat sa nakalaang patlang ang wastong sagot.

1. _____________ ang gupit sa buhok na bagay sa iyo. (***Iyan, Diyan, Hayan***)

2. _____________ ang tamang paghawak sa biyolin. Tingnan ninyong mabuti ang ginagawa ko. (***Ganito, Ganyan, Ganoon***)

3. _____________ ang tuwalya. Pumasok ka na sa banyo at maligo. (***Dito, Ganito, Heto***)

4. _____________ titira ang mga pinsan mong balikbayan. (***Ito, Dito, Ganito***)

5. Ang bahay ni G. Santos ay ______________ sa tuktok ng bundok. (***heto, hayan, hayun***)

6. Nagustuhan ko ang suot mong damit noong Linggo. Tinahi ba ______________ ng nanay mo? (***hayun, ganoon, iyon***)

7. _____________ sa tabi mo ako uupo, ha? (***Dito, Diyan, Doon***)

8. Tama ka. _______________ nga ang tamang paghiwa ng isda. Marunong ka na. (***Ganito, Ganyan, Ganoon***)

9. Tutulungan mo akong maglinis dito. O, ______________ ang isang walis. Kunin mo sa akin. (***heto, hayan, hayun***)

10. Tingnan mo ang hawak kong larawan. Kuha _____________ noong nag-tour ako sa ibang bansa. (***ito, iyan, iyon***)

LIVEWORKSHEETS